## Kabataang Pilipino: Mga Tools sa Paglago

### III. LIFESTYLE POWER

Ang tool o kasangkapan by definition ay anumang instrument o simpleng kagamitan na hawak mo sa iyong mga kamay at ginagamit sa paggawa ng isang particular na uri ng trabaho gaya ng martilyo, kutsilyo at iba pa. Ito rin ay nangangahulugan na anumang bagay o gawain na ginagamit mo sa isang particular na layunin. Sa araling ito ay gagamitin natin ang huling kahulugan.

Ang layunin ng Diyos sa buhay mo ay maisakatuparan ang mga mabubuting gawa na Kanyang hinanda na iyong lalakaran. Ito rin ang dapat na maging hangarin ng iyong puso. Ano man ang piliin mong propesyon sa buhay at kahit nasaang dako ka man ng bansa o mundo ay patuloy mong maisapamuhay ang Kanyang kalooban sa iyo. Ang mga tools na binabanggit sa araling ito ay kakailanganin mo upang ikaw ay lumago at maging matatag, upang maisakatuparan mo ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay.

Ang pangatlong tool na kailangan ng kabataang tulad mo ay ang *separated living*. Ang salitang *lifestyle* ay tumutukoy sa karaniwang paraan ng pamumuhay ng isang indibidwal. Ito ay may kinalaman sa ating paraan ng pagiisip, pakiramdam, pag-uugali at pananaw sa buhay. Ang uri ng *lifestyle* na meron ang isang kabataang tulad mo na nagdadasal, nagbabasa, nag-aaral at nagbubulay-bulay, nagmamahal, nagtitiwala at sumusunod kay Jesu Cristo at sa mga turo ng salita ng Diyos (Bibiya) ay dapat na *separated living*. Tandaan, *separated living*, hindi *isolated*. Ibig sabihin, kasama ngunit hindi katulad. Ang salitang *separated living* ay taliwas sa kasabihang "*If you can't beat them, then join them*".

**TIME OUT**

Ano ang ibig sabihin ng *lifestyle*?

Anong uri ng *lifestyle* mayroon dapat ang isang kabataang naniniwala at sumusunod sa mga aral at turo sa salita ng Diyos?

**PAG-ARALAN:**




Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.

**1 Juan 2:15-17**

Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan o ang mga bagay na nasa sanlibutan. Ang umiibig sa sanlibutan ay hindi umiibig sa Ama. Ang lahat ng nasa sanlibutan, ang pagnanasa ng laman, ang pagnanasa ng mga mata, at ang pagmamalaki sa buhay na ito ay hindi nagmumula sa Ama kundi sa sanlibutan. Mawawala ang sanlibutan at ang lahat ng mga bagay na pinagnanasaan ng mga tao, ngunit ang mga

sumusunod sa kalooban ng Diyos ay mabubuhay magpakailanman.

*Do not love the world or the things in the world. If anyone loves the world, the love of the Father is not in him. For all that is in the world—the desires of the flesh and the desires of the eyes and pride of life—is not from the Father but is from the world. And the world is passing away along with its desires, but whoever does the will of God abides forever.*

**Roma 12:2**

Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos.

*Do not be conformed to this world, but be transformed by the renewal of your mind, that by testing you may discern what is the will of God, what is good and acceptable and perfect.*

**Juan 15:19**

Kung kayo'y taga-sanlibutan, kayo'y mamahalin nito bilang kanya. Ngunit hindi kayo taga-sanlibutan, kundi pinili ko kayo mula rito, kaya napopoot sa inyo ang sanlibutan.

*If you were of the world, the world would love you as its own; but because you are not of the world, but I chose you out of the world, therefore the world hates you.*

**Mateo 5:14-16**

"Kayo ang ilaw ng sanlibutan. Ang isang lungsod na nakatayo sa ibabaw ng burol ay hindi maitatago. Walang taong nagsisindi ng ilaw at pagkatapos ay inilalagay iyon sa ilalim ng banga. Sa halip, inilalagay iyon sa talagang patungan upang matanglawan ang lahat ng nasa bahay. Gayundin naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit."

*"You are the light of the world. A city set on a hill cannot be hidden. Nor do people light a lamp and put it under a basket, but on a stand, and it gives light to all in the house. In the same way, let your light shine before others, so that they may see your good works and give glory to your Father who is in heaven.*

1. Sino at ano ang hindi mo dapat na mahalin ayon sa 1 Juan 2:15-17?

   ______________________________________________________________

   Bakit hindi mo dapat na mahalin ito?

   ______________________________________________________________

2. Ano sa iyong pagkakaunawa ang ibig sabihin ng sinabi sa Roma 12:2 na huwag makiayon sa takbo ng mundong ito?

   ______________________________________________________________

3. Ayon sa Juan 15:19, anong uri ng treatment ang iyong aasahan kung hindi ka makikiayon sa takbo ng mundo at piliin na lang na sumunod kay Cristo?

_______________________________________________

4. Sa paanong paraan mo paliliwanagin ang iyong ilaw sa harap ng mga tao?

_______________________________________________

Anong motibo ang dapat na mayroon ka sa paggawa mo nito?

_______________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Ang lahat ng bagay ay may proseso. Ang pagtuklas ng plano ng Diyos para sa iyo ay may tamang proseso. Ito ay mangyayari lamang kung susundin mo ang sinasabi sa mga talatang iyong nabasa. (1 Juan 2:15-17 at Roma 12:2)

May mga *worldview* at prinsipyo na itinuturo at umiiral dito sa ating society na taliwas sa itinuturo ng Diyos. Ang kabataang tulad mo ay umiiwas na makiisa sa ganitong pag-iisip na siyang makikita sa iyong actions.

Anong mga *life principles* ang alam mo na *existing*, pinapaniwalaan at sinasabuhay ng isang kabataan ngunit alam mo na taliwas ito sa sinabi sa salita ng Diyos?

Ang isang kabataan na hindi na nakikiayon sa pag-iisip, pananalita at pamumuhay ng mundo, at patuloy na lumalakad ayon sa turo ni Jesus ay magiging tulad ng ilaw (lapara) na binanggit sa Mateo 5:14-16. Ito ang nagsasalarawan sa kaganapan ng iyong transpormasyon. Ang pagbabagong ito sa iyong buhay ay hindi mo ginagawa upang purihin ka ng tao kundi upang bigyang kaluguran ang Diyos. Ang pagbabago mong ito ay maaaring magkaroon ng positive effect or negative effect. Positive sapagkat magiging mabuti kang halimbawa at nanaisin ng iba na malaman ang dahilan ng pagbabagong ito at tularan nila. Negative sapagkat gaya ng nabanggit sa Juan 15:19, mapopoot ang tao na ayaw magpasakop sa Diyos.

Upang maging ganap ang paghihiwalay ng sarili sa mundo, sundan ang mga hakbang na ito:

1. Mag-aral ng salita ng Diyos. Ito ang tool #2 na pinag-aralan mo na. Tungkol sa bagay na ito, dapat mong unawain na ang pag-aaral ng salita ng Diyos ay hindi lamang *Sunday school* o *weekly bible study*. Kinakailangan na ang pag-aaral ay tuloy-tuloy at *systematic*.

2. Manalangin. Ito ang tool #1 na pinag-aralan mo na. Ang iyong buhay ay dapat na umiikot sa panalangin. Magiging mahirap na mamhuhay ng separated kung magre-rely ka sa iyong sariling kakayahan. Kailangan mo ang tulong ng Diyos sa bagay na ito.

3. Christian fellowship. Ang dapat na kabarkada mo o mga friends mo ay kapwa naniniwala sa Diyos at sa Kanyang salita at pinapamuhay ito. Hindi naman ibig sabihin ng paghihiwalay na ito ay wala ka nang *contact* o *association* sa mundo. Meron pa rin ngunit hindi ka na nakiki-ayon sa mga bagay na taliwas sa natutuhan mo sa salita ng Diyos.

Lubusan mong malalaman ang plano ng Diyos para sa iyong buhay kung magpapasya ka na humiwalay sa gawi at gawain ng mundo. *Separation not isolation*, at susunod na dito ang *transformation*.

**PAGBULAY-BULAYAN:**

1. Ano sa iyong palagay ang maaaring maging hadlang mo sa pamumuhay ng *separated* sa mundo?

   ______________________________________________

2. Kung ire-rate mo ang kagustuhan mo na mas sundin ang Diyos kaysa sa iyong sarili at ang mundo, anong rating ang ibibigay mo sa sarili mo? (10 being the highest) Maging tapat sa iyong sagot.

   ______________________________________________

   Paano mo maisasakatuparan na maitaas ito habang tumatagal?

   ______________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | mahalaga ang *separated living* sapagkat: |

**Verse of the Day:**

Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos. **Roma 12:2**